# الإيمان باليوم الآخر باللغة الفلبينية

# ANG PANINIWALA SA ARAW NG PAGHUHUKOM


Sumailalim sa pamamahala ni:
Shaykh Haitham bin Muhammad Sarhan حفظه الله

Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-Nabawiy – Tagapangasiwa ng Mahad As-Sunnah



MAHADSUNNAH.COM ALSARHAAN.COM

Ang paniniwala sa araw ng paghuhukom ay parte ng paniniwala ng isang Muslim, ito ay binigyan ng diin sa Qur'an na kung saan ito ay kasamang binabanggit sa paniniwala sa Allah ﷻsa labing-siyam na beses.

Ang araw na ito ay walang duda na magaganap, at walang pagkakataon na matakasan ito, sinabi ng Allah ﷻsa Qur'an: "Walang karapat dapat sambahin maliban sa Allah, tunay na kayo ay iipunin sa Araw ng Paghuhukom, sino ba ang higit na makatotohanan magsalaysay kaysa sa Allah?".

Ang paniniwala sa Araw ng Paghuhukom ay mahigpit na pananampalataya sa pagdating ng Araw na ito, paniniwala na mangyayari lahat ng nabanggit ng Allah ﷻat ng kanyang Propeta, at kasama sa pananampalataya na ito, ay ang pagsasagawa ng pagsamba bilang paghahanda sa pagdating ng Araw na ito.

Kasama sa paniniwala sa Araw ng Paghuhukom, ang paniniwala sa mga palatandaan ng pagdating nito, ang kamatayan, Ano ang mangyayari pagkatapos ng kamatayan?, Ano ang mga katanungan sa atin sa loob ng libingan?, at ganun rin ang parusa at gantimpala sa libingan.

Paniniwalaan rin natin ang mga detalye na mangyayari sa Araw na ito, katulad ng pag-ihip sa trumpeta, ang muling pagbangon ng mga pumanaw, ang magiging kalagayan ng tao sa tuwing pagbangon nila.

Sa Araw na ito, ay makikita ng mga mananampalataya ang Allah ﷻ, at dito huhusgahan ang mga tao sa kanilang mga gawain, ito man ay mabuti o kasamaan, na kung saan malalaman ang kanilang gawain sa pamamagitan ng libro, dito nakasulat ang kanilang mga nagawa habang sila ay nabubuhay.

Sa Araw na ito, ating makikita ang timbangan ng gawain, ang tulay bago pumasok sa paraiso, ang lawa ng Propeta Muhammad ﷺ at kanyang pagiging tagapamagitan sa mga mananampalataya, lahat ito ay mangyayari bago umabot sa huling destinasyon; ang paraiso at impiyerno.

Ang pagsilay ng ating puso sa mga bagay na ito, ay magtuturo ng maraming bagay sa atin, katulad ng:
-Pagpupursige sa pagsunod sa katuruan ng Allah ﷻ, at pagkakaroon ng pag-asa sa gantimpala mula dito.
-Paglayo sa mga kasalanan, at pagkatakot sa parusa nito.
-Ang kapanatagan ng ating puso sa lahat ng bagay na ating makakaligtaan dito sa lupa, dahil alam natin na may biyaya tayong hinihintay sa Araw ng Paghuhukom.

Ang pananampalataya na ito ay ilalayo tayo sa mga masasamang pag-uugali, magdudulot ng kapayapaan sa lipunan.

Kapag ang tao ay naniniwala na ang Araw na ito ay walang duda na darating, dapat lang na sya ay magpursige bilang paghahanda sa Araw na ito, sinabi ng Allah ﷻ : "O kayong mananampalataya, inyong katakutan ang Allah ﷻ, at bantayan ninyo ang inyong gawain para sa kinabukasan, katakutan ninyo ang Allah, tunay na si Allah ang nakakabatid anuman ang inyong ginagawa".

والله تعالى أعلم...